



PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 1
PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1
FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1

Thursday 17 May 2001 (afternoon)
Jeudi 17 mai 2001 (après-midi)
Jueves 17 de mayo de 2001 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Rédiger un commentaire sur un seul des passages.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento.

Sumulat ng isang komentaryo tungkol sa isa sa mga sumusunod na sipi.

1. (a)

- Kinagabihan ng paglaya ni Simon ay nanaginip siya. Namalas niya ang sarili sa isang madilim, malawak, walang hanggang karagatan, nag-iisa, nangungulila, lulan ng isang munting bangkang nilalaro, binabagabag ng malalaking alon at nadama niyang siya'y napapagod, napapagal sa paggaod, supil ng isang matindi, pumipiga, lumuluray
- 5 na kalumbayan... Naroon nga siya, tahimik, nag-iisang gumagaod nang walang anu-ano buhat sa kung saan ay sumulpot sa nagdidilim na kalawakan ang isang kopang may lamang kandilang mamatay-mabuhay sa bugso ng hangin, ang kopang may sinding kandila ay lumilipad, lumulutang sa kalawakan, wari'y pumapatnubay sa madilim at
- 10 walang-katayanan niyang patutunguhan at iyo'y sinundan niya, hinabol at bumilis, sumigla ang paggaod niya at siya'y nakadama ng tuwa, galak, anaki'y kaligayahan sa puso, at ang buong pagkatao niya'y sinupil ng maluwalhati, nakalululang damdaming iyon lalo na nang masiglawan niya sa kabuuan ng madilim na paligid ang pagsusulputan ng maraming anino, mga aninong mabibilis, masisiglang gumagaod na tulad niya, sinusundan, hinahabol ang lumulutang na kopang may sinding kandila at mayamaya'y
- 15 saglit siyang napatigil sa paggaod nang mapagsino ang ilan sa mga anino, a, hindi siya maaaring magkamali, ang kabiyaq niyang si Petra ang isang iyon, ang binatilyo niyang anak na si Mar ang isa namang iyon, ang dalagita naman niyang si Mary ang isang iyon, sina Boy, Rosa at Lida ang lulan naman ng bangkang iyon, a, sila nga ang mga iyon, hindi siya maaaring magkamali, hindi, at makapupo niyang tinulinan ang pagsagwan
- 20 upang makaagapay sa mga mahal sa buhay, ibig niyang kahit paano'y amutan ng lakas, tulong ang mga iyon... Subalit bago niya nagawa iyon, biglang nilamon ng laho ang kopang may sinding kandila at ang buong kalawakan ay sinuob ng sakdal-dilim na karimlan, at humampas, namiyapis ang malakas na unos, nagbangon ang dambuhala, nagngangalit na mga alon, at ang madilim, malawak na karagatang iyon ay pinagharian
- 25 ng nakalulunogs gumugutay-sa-pusong mga daing, mula sa itim na mga aninong sikil ng nagmamalupit na kalikasan.

Sinipi mula sa kuwentong, *Paglaya*, ni Wilfredo Pa. Virtusio, 1968.

1. (b)

Wari siya
tinagpas na bugambilyang sakitin
sa pagkakatayo sa makapal na ulan.
Kupas na luntian
5 ang mga dahon sa kanyang damit.
Ang mga bulaklak na rosas
nanlilimahid sa banil
na hindi tinablan ng sabon at tubig.
Idinuldol niya ang mukha
10 sa salamin ng kotseng
sindilim ng masukal na langit
ang bungkos ng tumutulong
kuwintas ng sampagita.
Ang salamin bumaba at saka tumaas.
15 Maningning sa tuwa ang kanyang mata
pagsayad ng barya sa palad.
“Inaresto ang meyor ng Calauan!”
paalala ng diyaryong inialok
ng batang lalaki sa kanyang tabi.
20 Kapit na kapit
ang mga daliri ng kanilang paa
sa ngayo’y binabaha nang kalsada.

Munting Mandirigma, pahiramin ako
ng tapang na bumaba
25 sa mabangong sasakyan, magtapak,
maglakad sa baha
samantalang pinaliliguan
ng walang-likat na ulan.
Tulad ng iyong ama na walang abug-
30 abog na lumisan
nawawala ang aking kaibigan.
Turuan mo akong huwag na siyang
hanapin- o, tuluyan nang limutin.
Wala nang trahedya sa lupa
35 sapagkat itinaya na ng tao
sa jueting ng buhay
pati pakpak
ng anghel na bantay.

Benilda Santos, *Ang Magsasampagita*, 1995.